Office of the President
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

**8888 Citizens' Complaint Hotline**

| | |
|---|---|
| Ticket Reference Number : | **W20230929-943-5** |
| Status: | Ticket indorsed |
| Head of Agency : | N/A |
| Agency : | Department of Environment and Natural Resources |
| Agency Address : | N/A |
| Attention (Focal Person) : | USEC. Marilou G. Erni |

Pursuant to Executive Order No. 6[1], s. 2016, may we respectfully transmit the following concern received through the 8888 Citizens' Complaint Hotline:

| | |
|---|---|
| Date: | 29 September 2023 |
| Name of Client: | N/A |
| Address: | N/A |
| Contact Details: | N/A<br>N/A<br>N/A |
| Nature of call: | 2023 - Integrity And Conduct - Employee |
| Subject: | Alleged Misconduct of an Employee of the Department of Environment and Natural Resources (DENR) Community Environment and Natural Resources Office (CENR) Sablayan, Occidental Mindoro |

Details:

Agency: DENR-CENRO Sablayan
Location/Address: Sablayan, Occidental Mindoro

Mahal na DENR Secretary Ms. Maria Antonia Yulo-Loyzaga, mahal na DENR Red Felix S. Mirasol, Jr.

Saklolo!

Kami po na mga empleyado ng DENR CENRO Sablayan, Occidental Mindoro ay naglakas na ng loob upang ireklamo ang aming CENRO Officer na si Anastacio A. Santos dahil sa hindi na namin matiis ang hindi makatao at sobrang pambu-bully ng aming CENRO sa aming mga empleyado at kung minsan pa nga ay sa aming kliyente.

Tuwing Lunes nagaganap ang pambu-bully at pamamahiya sa aming mga empleyado. Marami sa aming kasamahang empleyado ang sadya ng uma-absent tuwing Lunes dahil bukod sa kalahating araw na meeting ay kasabay ang kalahating araw na pagmumura, pagsasalita ng mga foul words para sa aming mga empleyado. Kasabay ang 'ngisi' at pagsabing 'noong nakaraan, babae ang umiyak this time lalaki naman'. Kaya nga ang iba kahit wala pa sa oras ng pagreretiro ay nakakaisip nang magretiro ang iba naman ay kusa ng nagre-resign dahil hindi na nga naman healthy ang magtrabaho sa isang boss na panay mura ang maririnig.

Sadya na po yatang ugali niya ang pagmumura lalo na nang malugi siya ng ilang milyon sa negosyo niyang sibuyas, maging ang PWD naming kasamahang empleyado na si Angel Bumangil ay hindi nakaligtas sa kaniyang pagmumura at pambu-bully, si Fe Ragindin, Merly Barrera, Reynaldo Daño, Rodel Capiral, Krystal Villanada, Jacinto Calingay, Jeremy Saracanlao at marami pang iba. Sa panahon din po ni CENRO Officer namatay ang isa naming masipag at magaling na kasamahan, nakadagdag po sa sakit niya ang sobrang pagod matapos gawin ni CENRO Anastacio Santos na pagpalitin ang duty ng mga forester. Ang taga Sablayan po ay sa Mamburao inilipat at ang taga Mamburao naman ay sa Sablayan niya dinala. Karampot na suweldo na hindi na halos magkasya sa pamilya, pagpapa-aral ng anak at pagpapagamot ay nauwi lamang sa gasolina at baon sa destino.

Pilit po sana naming inuunawa ang aming CENRO Officer na baka 'stress' lamang sa nangyaring pagkalugi sa negosyo niyang sibuyas at problema. Kaya po lamang maging ang aming mga kliyente ay apektado na at maging kami mismo dahil bilang nasa frontline kami po ang nakakarinig ng mga hinaing ng aming mga kliyente. Ang isa pa nga pong pangyayari ay ang pakikipag-away niya mismo sa opisina na muntik ng mauwi sa suntukan sa isang tauhan ng Occidental Mindoro Electric Cooperative (OMECO). Ito ay nang magkaroon ng problema sa kuryente ay nag-request siya sa OMECO at nang dumating ang taga OMECO, nakita ng taga OMECO na sa loob ng opisina ang problema sa breaker at hindi naman sa linya. Ipinapaliwanang ng taga OMECO na kapag sa labas o linya ng OMECO ang problema sila sa OMECO ang gagawa subalit kapag sa loob ng opisina ay hindi sila allowed gumawa at dapat magpagawa ang opisina sa isang electrician. Isang paliwanag na hindi tinanggap ni CENRO Anastacio Santos at pilit na ipinagagawa niya sa taga OMECO. Ito ay muntik pang mauwi sa suntukan dahil minura nga ni CENRO Officer ang nasabing tao.

Kami pong mga empleyado ng CENRO Sablayan ay mababa na ang moral dahil sa mga pangyayaring ito. Minsan pa sa aming pagbabayad ng bill sa OMECO ay nakakarinig pa kami ng salita dahil sa nangyari.

Wala pong magkalakas ng loob magsalita dahil takot mapag-initan ng aming CENRO. Kayo na po sana ang bahalang magpaimbestiga hinggil sa katotohanan ng aming reklamo. Isa isa po sanang tanungin ang mga empleyado ng hindi alam ng aming CENRO ng malayang makapagpahayag ng tunay na saloobin at problema at nang sa ganoon po ay inyo pong mabigyan ng solusyon ang aming reklamo.

Maraming salamat po at mabuhay po tayong lahat.

Note: This concern has been lodged through the 8888 Website.

*Information contained in this communication is privileged, confidential and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this communication in error, please notify the 8888 Citizens' Complaint Center immediately and dispose this communication in accordance with the provision of Republic Act No. 10173, otherwise known as Data Privacy Act of 2012.*

Please be reminded of Section 5 of EO No. 6, which states that "a citizen's concern lodged through any of the communication channels shall have a concrete and specific action within 72 hours from the receipt of the concern by the proper government agency or instrumentality".

Kindly send your reply directly to the concerned person/entity, copy furnished the 8888 Portal thru your agency 8888 Focal Team, citing the above ticket reference number. Thank you very much.

"Institutionalizing the 8888 Citizens' Complaint Hotline and Establishing the 8888 Citizens' Complaint Center", under the direction and supervision of the Office of the Executive Secretary.

*************** This is an automatically generated email, please do not reply **************